



Mga Hindi Pang-karaniwang Kabayaran Matapos Mag-retiro

Ano ang nasa loob

Ano ang mga “hindi pang-karaniwang kabayaran?”	1
Ano ang mga katangian ng hindi pang-karaniwang pagbabayad?	1
Paano nakaka-apekto sa mga benepisyong mga limitasyon sa kita?	2
Kung sa palagay mo ay tumanggap ka ng hindi pang-karaniwang kabayaran	2
Halimbawa ng hindi pang-karaniwang kabayaran	2
Mga taong taga-benta ng Kaseguraduhan (Insurance Salespeople) at mga magsasaka	3
Pakikipag-ugnayan sa Social Security	3

Mga Sobrang Kabayaran (Bonus), Kabayaran sa Pagpa-pahinga (Vacation Pay), Mga Komisyon (Commissions), Kabayaran sa Pagka-kasakit (Sick Pay), Mga Kaseguraduhang Komisyon (Insurance Commissions), Mga Natirang Pananim (Carryover Crops), At Iba Pang Mga Hindi Pang-karaniwang Kabayaran.

Ano ang mga “hindi pang-karaniwang kabayaran?”

Matapos kang magretiro, maaaring makatanggap ka ng mga kabayaran para sa trabahong ginawa mo bago ka nag-umpisang tumanggap ng mga benepisiyo sa Social Security. Karaniwan, ang mga pagba-bayad na ito ay hindi makaka-apekto sa iyong benepisyong sa Social Security kung ang mga ito ay para sa mga kinita mo bago ka nagretiro. Ang pagpatunay ng pulyetong ito ang nagla-larawan ng ilan sa mga pang-karaniwang kaurian ng mga pagbabayad, matutulungan kang magpasiya

kung naka-katanggap ka na ng ilan sa mga ito at sasabihin sa iyo kung ano pa ang mga paraang dapat mong pagdaanan.

Ano ang mga katangian ng hindi pang-karaniwang pagbabayad?

Kung ikaw ay nagta-trabaho para kumita, ang mga kinitang natanggap mo matapos kang magretiro ay kabilang sa hindi pang-karaniwang pagbabayad kung ang pinakahuling bagay na ginawa mo para kumita ng kabayaran ay kinumpleto mo bago ka humintong mag-trabaho. Kabilang sa ilang mga hindi pangkaraniwang

pagbabayad na ito sa mga trabahador ay ang mga sobrang kabayaran, mga naipong kabayaran sa bakasyon o sa pagka-kasakit, kabayaran kapag natanggal sa trabaho (severance pay), natagalang kabayaran (back pay), kabayaran sa pag-hihintay (standby pay), mga komisiyon sa pagbebenta (sales commissions at mga kabayaran sa pagre-retiro o ipinagpalibang sahod na naiulat sa W-2 form para sa isang taon, subalit kinita noong nakaraang taon. Ang mga halagang ito ay **maaaring** nakapaloob sa W-2 mo sa kahang may tatak na “Nonqualified Plan” (Walang Karapatang Panukala).

Kung ikaw ay may kitang pang-sarili (self-employed), ang ano mang netong kinitang natanggap mo **pagkatapos ng unang taong matapos kang magretiro** ay maituturing na hindi pang-karaniwang pagbabayad kung ginawa mo ang mga serbisyo upang kitain ang kabayaran ito bago ka pa man nabigyan ng karapatang tumanggap ng mga benepisiyo sa Social Security. Ang mga “serbisyo” ay ang ano mang karaniwang gawain o iba pang may kahulugang ginagawa mo para sa iyong kalakalan.

Kabilang sa ilang mga hindi pang-karaniwang pagbabayad sa mga taong may kitang pang-sarili ay ang mga kabayaran sa sakahang programa na pangbukid, kinitang nagmula sa natirang mga pananim o kitang hinango ng may-ari ng kalakalan na walang ginagawang makahulugang mga serbisyo sa kalakalang iyon.

Paano nakaka-apekto sa mga benepisiyo ang mga limitasyon sa kita?

Kung ang isang taong nakakatanggap ng mga benepisiyo sa pagreretiro mula sa Social Security ay mas bata kaysa sa natakdang ganap na edad sa pagreretiro, walang mga limitasyon kung magkano ang maaari nilang kitain mula sa trabaho. Ang inyong ganap na edad sa pagreretiro ay batay sa taon kung kailan kayo ipinanganak. Maaari kayong

bumisita sa www.socialsecurity.gov/planners/retire/ageincrease.html para mahanap ang inyong ganap na edad sa pagreretiro. Aming babawasan ang mga benepisiyo, kung ang mga kita ay humigit sa ilang mga limitasyon.

- Kung mas bata ka sa buong edad ng pagre-retiro, ang mga benepisiyo mo ay babawasan ng \$1 para sa bawat \$2 na kinita mo. Ang hangganan ngayong 2018 ay \$17,040.
- Sa taon na umabot ka sa buong edad ng pagreretiro, ang mga benepisiyo mo ay babawasan ng \$1 para sa bawat \$3 na kikitain mo. Ang hangganan ngayong 2018 ay \$45,360.
- Makukuha mo ng buo ang iyong benepisiyo simula sa buwan na umabot ka sa buong edad ng pagre-retiro gaano man kalaki ang iyong kikitain.

Kung sa palagay mo ay tumanggap ka ng hindi pang-karaniwang kabayaran

Kung tumatanggap ka na ng Social Security at ang mga kabuuan ng taunang kinita mo ay lumampas sa hangganan at kabilang sa mga kinitang ito ang hindi pang-karaniwang kabayaran, narapat lang na makipag-bigay alam ka sa Social Security. Kung iniisip mo naman na ikaw ay nakatanggap ng hindi pang-karaniwang kabayaran, ito ay ka-kailanganing ipag-bigay alam mo sa amin. Kapag sinang-ayunan ka namin, ang pang-karaniwang kabayaran ito ay maaaring hindi namin idadagdag bilang bahagi ng mga kabuuang kinita mo para sa taon.

Halimbawa ng hindi pang-karaniwang kabayaran

Ang halimbawang ito ay ipinapakita kung papaano pinaki-kitunguhan ang hindi pang-karaniwang kabayaran sa loob ng mga alituntunin ng Social Security.

Nagretiro si Mr. DeSilva sa edad na 62 noong Nobyembre 2017 at nagsimula siyang tumanggap ng mga benepisiyo sa Social

Security. Nitong nakaraang Enero 2018, si Mr. DeSilva ay nakatanggap ng tsekeng nagkakahalaga ng \$17,000 para sa natira niyang kabayaran para sa bakasyon. Dahil ito ay kabayaran para sa bakasyon na kanyang naipon bago siya nag-retiro, ituturing itong pangkaraniwang bayad ng Social Security at hindi ito kasali papunta sa kinitang may hangganan para sa 2018.

Mga taong taga-benta ng Kaseguraduhan (Insurance Salespeople) at mga magsasaka

Dalawang katiyakang pagha-hanap buhay na grupong karaniwang tumatanggap ng mga kita na karapat-dapat sa mga hindi pangkaraniwang kabayaran ay ang sino mang mga taong nagbebenta ng kaseguraduhan na nakatanggap ng pagbabago (renewal) o paulit (repeat) na mga komisyon at ang mga magsasakang makatanggap ng kita galing sa mga natirang pananim (carryover crops).

Mga taong Nagbebenta ng Kaseguraduhan (Insurance salespeople)

Marami sa mga taong nagbebenta ng kaseguraduhan ang patuloy na tumatanggap ng mga komisyon pagkatapos ng taon kung kailan sila nagretiro. Ang komisyon na ito ay para sa mga patakarang (policies) kanilang naibenta bago sila nag-retiro. Ang kinitang ito ay hindi maka-kaapekto sa kanilang mga benepisiyo sa Social Security, kung ang kitang ito ay resulta ng trabahong ginawa nila bago sila nag-retiro.

Mga magsasaka

Maraming mga magsasaka at mga tindahan ng ani crops sa isang taon upang ibenta sa ibang taon. Kung ang isang crop ay ganap na ani at mga naka-imbak na bago o sa buwan ng isang magsasaka ay may karapatan sa Social Security mga benepisiyo at pagkatapos ay dala at ibinebenta sa susunod na taon, ito ang kinikita ay hindi makakaapekto sa mga benepisiyo para sa taon ng mga kita ay natanggap.

Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisiyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa www.socialsecurity.gov. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification letter (liham ng pagpapatotoo ng benepisiyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisiyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan

kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.



Securing today
and tomorrow

Social Security Administration
Publication No. 05-10063-TL | January 2018
Mga Hindi Pang-karaniwang Kabayaran Matapos Mag-retiro
Special Payments After Retirement (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito